

Buod ng Plano ng Aksiyon sa Pagkamakatarungan sa COVID-19 ng Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng NYC

Bagaman bagong sakit ang COVID-19, ang mga huwaran nito ng pananalasa ay pamilyar: Ang mga komunidad na Itim, Latino, imigrante at may mababang kita ay masyadong naapektuhan.

Nagpapatupad ang Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng **Plano ng Aksiyon sa Pagkamakatarungan** upang isulong ang mga makatarungang polisiya at gawi sa pagtugon sa COVID-19 ng Lungsod. Gumagamit ang plano ng nakatuon na pagmemensahe at tuminding pakikisangkot sa mga partner sa komunidad at pangangalagang pangkalusugan sa mga kapitbahayan na may masyadong mabigat na pasanin ng mga kaso, pagkakaospital at kamatayan sa COVID-19. **Kinikilala namin na ang kakulangan sa pamumuhunan sa mga kapitbahayang ito at rasismong istruktural ay mga salik ng peligro para sa COVID-19.**

Gumagamit ang Plano ng Aksiyon sa Pagkamakatarungan ng isang balangkas ng panlahing katarungan at mga estratehiya na espesipiko sa populasyon upang mas mahusay na abutin ang mga miyembro ng komunidad. Sinisiguro ng dulong na ito na ang mga komunidad na matinding tinamaan ng COVID-19 ay makakatanggap ng impormasyon, mga rekurso at suporta na kailangan nila.

May tatlong pangunahing bahagi ang Plano ng Aksiyon sa Pagkamakatarungan:

1. Isangkot ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan:

Makipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa komunidad sa mga kapaligirang may 10 o mas kakaunti na doktor upang pataasin ang kanilang kapasidad na magsilbi sa frontline ng emergency sa pampublikong kalusugan sa panahon ng lahat ng yugto ng pagtugon; suportahan ang mga tagapagkaloob na kilalanin at tugunan ang mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan sa komunidad upang bawasan ang mga salik ng peligro para sa COVID-19.

Upang gawin ito, aming:

- Tatasahin ang mga pangangailangan ng mga independiyenteng tagapagkaloob sa mga klinika at magbigay ng teknikal na tulong upang buksan muli ang kanilang klinika at magpatuloy ang operasyon sa araw-araw.
- Hihimukin ang mga tagapagkaloob na mag-alok ng mga serbisyo ng telemedisina at tulungan sila sa pakikitungo sa pagbabalik ng nagastos.
- Tutulungan ang mga tagapagkaloob na abutin ang mga pasyente upang tingnan sila at ikonekta sila sa pangangalaga, kasama ang medikasyon, mga bakuna at impormasyon sa kalusugan at iba pang rekurso.
- Gagalugarin ang mga paraan upang pangyarihin ang mga pagbisita sa pangunahing pangangalaga sa personal sa labas ng mga kadalasang kapaligiran ng opisina tulad ng mga mobile na klinika.
- Ibibigay ang mga medikal na supply kasama ang personal na kagamitan sa proteksiyon.

- Isa-sign up ang mga tagapagkaloob na maging mga awtorisadong taga-enroll sa Programa ng Hotel sa COVID-19 ng Lungsod, na nagbibigay ng mga silid sa hotel sa mga tao na maaaring may COVID-19 o nakatira kasama ng isa na maaaring may COVID-19 at hindi kayang humiwalay sa ibang mga miyembro ng sambahayan.
- Ipapabatid sa mga tagapagkaloob ang tungkol sa mga serbisyo at rekurso ng Lungsod na maaaring suportahan ang kanilang mga pasyente sa panahon at pagkatapos ng emergency sa pampublikong kalusugan sa COVID-19 (kalusugan, pagkain, iba pang panlipunang serbisyo).

2. Isasangkot ang mga partner sa komunidad:

Tutulungang direkta ang mga partner sa komunidad upang kilalanin ang mga isyu sa kalusugan, lumikha ng mga estratehiya sa pagtugon, pataasin ang kamalayan sa impormasyon sa pangkalahatang kalusugan at siguruhing ang mga miyembro ng komunidad na tumanggap ng pangangalagang pangkalusugan at magkaroon ng access sa iba pang rekurso.

Upang gawin ito, aming:

- Ipagpapatuloy na bumuo ng mga ugnayan at makipag-partner sa mga lider ng komunidad, organisasyon na nakabase sa komunidad at grupo na nakabase sa pananampalataya upang mas mahusay na maunawaan at matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad.
- Ili-link ang mga grupo at miyembro ng komunidad sa mga serbisyo at rekurso ng Lungsod na makasusuporta sa kanilang mga komunidad sa panahon at pagkatapos ng emergency sa pampublikong kalusugan ng COVID-19 (kalusugan, pagkain, iba pang panlipunang serbisyo).
- Isasagawa ang mga pagpapatingin sa kalusugan at kawalan ng sakit sa mga miyembro ng komunidad upang malaman ang mga pangangailangan sa kalusugan at turuan sila tungkol sa maraming isyu sa kalusugan at ikonekta sila sa pangangalaga.
- Gagawin ang mga ulat sa liderato ng Lungsod na kinikilala ang mga bago at patuloy na pangangailangan ng mga partner at miyembro ng komunidad.
- Itatag at pangungunahan ang Lupon sa Pagpapayo ng Komunidad sa Test at Pagsubaybay (CAB) sa pakikipag-partner sa Health + Hospitals upang masiguro na ang mga boses at pangangailangan ng komunidad ay isinaalang-alang habang sumusulong ang pagsubaybay sa contact.

3. Pababatiran ang komunidad:

Ibibigay ang napapanahong impormasyon upang pataasin ang pagkaunawa ng mga miyembro ng komunidad sa COVID-19 at tatrabahuhin na labanan ang maling impormasyon; ibibigay ang mga rekurso upang tulungan ang mga tao na manatiling malusog; at pahahalagahan ang mga kuwento ng komunidad at patitingkarin ang epekto ng kawalan ng katarungang istruktural sa kalusugan.

Upang gawin ito, aming:

- Ibibigay ang gabay sa COVID-19 sa mahigit 20 wika sa pamamagitan ng mga network at karatula sa komunidad sa mga subway at lokal na tindahan.

- Ipapadala sa mga miyembro ng komunidad ang direktang koreo at text sa telepono tungkol sa COVID-19, kasama ang:
 - Mga sintomas
 - Mga peligro sa malubhang sakit
 - Pang-iwas at pangangalaga
 - Mga kasanayan sa pagkaya at estratehiya sa pagkakaroon ng walang sakit
- Gagawin ang pinasadyang tele-town halls para sa mga komunidad na kasamang pinangasiwaan ng mga organisasyon na nakabase sa komunidad at pananampalataya, lider ng komunidad at hinalal na opisyal.
- Gagawin ang mga targeted ads at itataguyod sa pamamagitan ng iba't ibang paraan.

Habang ang bawat New Yorker ay matinding naapektuhan ng COVID-19, ang masyadong epekto sa mga komunidad na Itim, Latino, imigrante at may mababang kita ay hindi katanggap-tanggap at dapat tugunan. Ang masyadong epekto ay pinalala ng kakulangan sa pamumuhunan at rasismong istruktural na nakaugat sa mga umiiral na sistemang panlipunan, pang-ekonomiko at pangkalusugan. Ngayon ang oras upang tulungan ang ating mga kababayang New Yorker at ang iba pa sa mundo na maunawaan ang mga kinahihinatnan ng panlipunang kawalan ng pagkamakatarungan. **Malusog at matiwasay lang tayo tulad ng hindi gaanong malusog at pinakananganganib na komunidad.**

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang situwasyon.

6.5.20